# Marcos, Duterte meet in Palace

P2

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 44 10.00 JULY 31 - AUGUST 6, 2023

# Palihan sa Ortograpiyang Bugkalot, isinagawa sa NVSU

See page 4

## Mother of slain fisherfolk couple files petition for review

ROSENDA Lemita, the mother of the slain fisherfolk couple, who tragically lost their lives during the coordinated police and military operations in Calabarzon on March 7, 2021, also known as "Bloody Sunday," on Friday appealed to the Office of the Justice Secretary Jesus Crispin Remulla to reevaluate the dismissal of charges against 17 police officers.

Lemita, who initially lodged the complaint on behalf of Ariel Evangelista and Ana Mariz Lemita, presented a petition for review with the support of lawyers from the National Union of Peoples Lawyers (NUPL).

During the process, Nanay Inda couldn't help but shed tears as she signed the petition addressed to Justice Secretary Remulla.

Previously, government prosecutors stood firm in their denial of Lemita's motion for reconsideration, citing lack of merit.

The resolution, dated May 29, 2023, asserted that a thorough examination of the motion did not provide sufficient grounds for overturning the panel's initial findings.

"The complainant failed to establish a compelling case of conspiracy, relying instead on baseless assumptions that the Philippine National Police (PNP) conducted the operations with the specific intent to kill spouses Evangelista," the resolution stated.

In the original resolution of the preliminary investigation, prosecutors had discovered that the murder weapon used in the killings did not match any of the firearms carried by the accused police officers, leading to the decision to drop the charges.

Among the officers cleared of two counts of murder were Lt. Col. Joseph Tan Nandu Jr., Lt. Arjay Mansalapuz Santos, MSgs. Rafael N. Roque and Mark T. Tolentino, Ssgs. Elvern D. Cacatian, Rodel A. Sillacay, and Edgar B. Brinas, Cpls. Aldrin E.

See page 2



# 12.5 milyong pamilyang Pinoy gutom!

SA huling survey ng Social Weather Station (SWS) ay sinabi: 10.4% ng pamilyang Filipino ang nakaranas ng gutom at sa isang buwan, nakaranas na di kumain sa nakalipas na tatlong buwan.

Sabi ng SWS, katumbas ito ng 12.5 milyong pamilya na ang turing sa sarili ay mahirap (poor) nitong ikalawang apat na buwan ng 2023, at 5.2 milyong pamilya ay sinabing di kabilang sa sektor ng mahihirap.

Sabi ng SWS: nakuha ang dami ng nagutom sa kabuuang 8.3% ng respondent at 2.1% ang nakaranas ng matinding pagkagutom.

Ginawa ang survey mula Hunyo 28 hanggang Hulyo 1, 2023 sa face-to-face interview sa 1,500 mula edad 18 anyos pataas sa buong bansa.

Sa Luzon ang ininterbyu ay 600; at thig 300 tao sa Metro Manila, Visayas, at Mindanao.

# 'Mas naka-ka-adik ang asukal, kape kaysa marijuana'

Sundan sa pahina 5



## P6.1 Billion in tax liabilities: BIR pursues 127 criminal cases against corporations

BILYONARYO.COM --In an extensive crackdown aimed at combating tax evasion, the Bureau of Internal Revenue (BIR) filed 127 criminal cases against 214 corporate officers with the Department of Justice last week.

These cases involve a total of P6.1 billion in tax liabilities.

This sweeping action marks the second nationwide filing executed under the Run After Tax Evaders program. The initial wave, which occurred last February 2023, saw the BIR filing 74 criminal cases involving a total amount of P3.58 billion.

BIR Commissioner Romeo Lumagui Jr. emphasized the significance of this stern action, saying: "This is a reminder to every corporation and corporate officer not to ignore the BIR. Do so and we will file criminal cases against you."



BIR Comm Lumagui Jr.

# One Cavite's top city mayors, mabuhay kayo!



REVANZE
by Domz B. CAOILE

BINABATI natin ang mga tao at samahang nasa likod ng One Cavite sa ginawa nitong malaya at hindi kinomisyon, ibig sabihin, sariling kusa itong survey na batay sa performance, akomplimen nakita ang husay ng pamamahala ng mga local chief city executive ng ating makasaysayang lalawigan ng Cavite.

Congratulations sa inyo, One Cavite, mula sa amin dito sa BantayBalita -- na sa kabila ng maraming challenges, naipagpapatuloy namin na mailathala nang tuloy-tuloy, every week nang walang putol.

Maraming salamat po sa nagtitiwala sa aming BantayBalita.

Ayon sa survey na ginawa mula July 3 to July 31, 2023 -- ang tinanong ay 10,000 residente, ito ang lumabas na Top Performing City Mayors ng Cavite.

Batambata at isang bagitong alkalde ng Cavite City ang top performers sa katauhan ni Mayor Denver Chua na kumabig ng 94.7%.

Kung mapansinin kayo, ang daming nakitang pagbabago sa Cavite City -- may bagong health center, ipinaayos ang Montano Gymbasium, mabilis na aksyon sa kalamidad, pag-aayos ng sistema ng pamamahala sa city government, at pinalalakas ang turismo -- balitang aaytuysin ang Corregidor Island para maging sentro ng turismo -- na mapagkukuhanan ng malaking income, at iba pang

Sundan sa p.8

## Let's cozy up at Kubo Amadeo

P8

# Marcos, Duterte meet in Palace

'YUNG mainit na tensiyon ba sa West Philippine Sea (WPS) na tinatawag naman ng China na South China Sea (SCS) ang pinag-usapan nina President Bongbong Marcos at dating President Rodrigo Duterte in Malacañang nitong Huwedbes, Agosto 2?

Wala pang opisyal na anunsyo sa madla sina PBBM at Duterte tungkol sa kanilang miting na ibinalita ni Senator Christopher 'Bong' Go sa isang Facebook post.

Si Sen. Bong Go ay dating special presidential assistant ng dating pangulo.

"Sa pagbisita ni dating pangulong Rodrigo Duterte sa Malacañang ngayong araw na ito, nagkita sila ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr.," sabi ni Sen. Go.


Sumaksi sa pagkikita nina Marcos at Duterte si Special Assistant to the President Anton Lagdameo, Executive Secretary Lucas Bersamin, at dating executive secretary Salvador Medialdea.

Naging isyu ang pagdalaw ni Duterte sa China na nakipagmiting kay Chinese Presidente Xi Jing Ping noong Hulyo 17 -- na sinabi ni Marcos na tiwala siya na sasabihin sa kanya ni Duterte ang napag-usapan sa Beijing.

"I hope that napag-usapan nila 'yung mga isyu na ngayon na mga nakikita natin, 'yung mga shadowing, 'yung mga kung anu-ano," sabi ni Marvos na tinukoy ang isang ulat sa muntik nang banggaan ng sasakyang pandagat ng Philippine Coast Guard at Chinese Coast Guard sa WPS

Sabi pa ng Pangulo, sana sa pagbisita ni Duterte sa China ay may magandang ibubunga sa mapayapang solusyon.

"I hope napagusapan nila para naman magakroon tayo ng progress, kasi 'yun naman talaga ang habol natin eh patuloy ang paguusap," sabi ni PBBM.



Former Pres. Duterte shakes hands with Pres. Marcos



Sen. Bong Go. PBBM, former PRRD



dating Exec. Sec. Salvador Medialdea, SAP Anton Ladmadeo, Sen. Bong Go



Marcos, Duterte with Defense Sec Gibo Teodoro, 3rd from left, and unnamed lady Palace official.

# Mother of slain fisherfolk...

*From page 1*

Gabrillo and Allen S. Lugue, and Patrolmans Julio Bautista, Ray Boom Boom D. Dalingay, Grizzly O. Paras, Rogelio M. Ninolla, Ruel M. Tenoso, Rich John Melniel L. Tumacder, Renzo B. Santos, and Mark Lester R. Padul. These individuals were part of the Philippine National Police-Criminal Investigation and Detection Group (PNP-CIDG) Region 4-A.

Ariel Evangelista and Ana Mariz Lemita were both human rights defenders and prominent leaders within the progressive fisherfolk group, Ugnayan ng Mamamayan Laban sa Pagwawasak ng Kalikasan.

On March 7, 2022, authorities conducted simultaneous raids in Cavite, Laguna, Batangas, and Rizal, resulting in the deaths of nine activists and the arrests of numerous others./Abogado.PH



# Loss of lives and properties due to fire can be reduced through science

**DOST-STII Public Affairs Section**
Communication Resources and Production Division
**Science and Technology Information Institute**
DOST Complex Gen. Santos Ave., Bicutan, Taguig City, Philippines

pr@stii.dost.gov.ph
0917 500 5877 (Viber)
(02)8837 2071 loc. 2146

Every year, hundreds of Filipinos die and billions of pesos worth of properties are lost because of fires. To help reduce the amount of agony and loss caused by fire incidents, the Forest Products Research and Development Institute of the Department of Science and Technology (DOST-FPRDI) recently re-opened its fire testing lab, the only one of its kind in the country.

"Our newly re-opened lab is still in its infancy – right now, it only has basic equipment for verifying the ignitability and combustibility of small wood samples, but I think it's a good start," says DOST-FPRDI Director Romulo T. Aggangan. "The lab brings more affordable services to players in the construction industry who otherwise will have to send their samples for testing in accredited labs in Singapore and Malaysia."

DOST-FPRDI pioneered fire testing research in the Philippines in 1961, and for many years, it provided testing services to the construction industry. It had to stop in recent years, however, as its outdated machines could no longer keep up with industry requirements.

DOST-FPRDI's Shirley A. Pelayo said that with the newly acquired and designed equipment, the agency can now give more effective fire testing services to our clients.

Ms. Pelayo added: "We also look forward to an upgraded lab in the near future as we have just recently submitted to a funding partner a proposal to purchase more modern equipment. We are excited just thinking that as we improve our facility, we can help our clients follow basic fire safety rules, leading to more protected lives and property." / **Rizalina K. Araral**

# Seminar ukol sa Defensive Driving & Road Safety

MALAKI ang maitutulong upang maiwasan ang aksidente sa kalsada sa idinaos na Defensive Driving & Road Safety Seminar para sa mga kawani ng Mendez Traffic Management Group, mga kinatawan ng iba't ibang TODA, mga kabataan at maging mga jeepney driver.

Magkatuwang na ginawa ng lokal na pamahalaan ng Mendez at ng Committee on Transportation at ang Business Permits and Licensing Office ang seminar na nakapagbigay ng dagdag na kaalaman sa sektor ng transportasyon ukol sa mga batas at karapatan ng isang driver kasama na ang mga safety measures sa pagmamaneho.

Sa isang mensahe. pinasalamatan ni Mendez Mayor Francisco Mendoza Jr. ang lahat ng opisyal ng lokal na pamahalaan at iba pang tagapagsalita sa seminar dahil makatutulong ito sa pag-iwas sa aksidente at sa kaligtasan ng buhay ng motorista at komyuter.

Sa seminar, nagbigay din ng kani-kanilang mga mensahe sina Committee Chair on Transportation, SB Member, Roilan Ortiz, DILG MLGOO, Anne Kimberly Babaan at Chief of Staff, Ronald Rhey Perey na kanilang ipinaalaala ang laging pag-iingat sa kalsada at ang suporta ng pmahalaang lokal at nasyonal sa motorista at iba pang nasa sektor ng transportasyon.

Tagapagsalita sa nasabing programa ang kawani mula sa LTO Tagaytay District Office na si Ginoong Jonathan A. Medina na ipinaliwanag sa mga dumalo ang umiiral na polisiya ng nasabing ahensya sa pagpapatupad ng batas trapiko.

Nasa mahigit na 109 ang nagpahayag ng kasiyahan sa mahahalagang impornasyon na natutuhan sa mga naging panauhing tagapagsalita sa seminar./ **GENE T. TAN**



# Mabuhay, Cavite's Top 10 mayors



## Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

UNA, ang aming pagbati sa pagbabalik-bayan ng ating BantayBalita consultant cum editor-in-chief, veteran journalist, literary writer, sir Eli Taparan, aka Kuya Banong and Lukas da Silva.

Ilang linggo lang ang bakasyon niya at pabiro, sabi ni, "maniningil" daw siya ng mga pautang, sino kaya ang mga may utang kay Guru Eli Catipon Taparan?

Babalik siya sa Sept 8 kasi bilin ng kanyang tatlong doktor, kailangan uli siyang matingnan kung completely cured na siya sa sakit niyang cancer. kidney ailment at iba pang sakit.,

Kuya Banong was diagnosed and treated sa Canada sa kanyang 5th stage prostate cancer pero ngayon after five years, kumikikig pa, what a man!

Ilang linggo rin siyang namasyal sa ilocos Sur, Ilocos Norte, Baguio City at lates sa Puerto Princesa Palawan kaya hindi pa siya nami-meet ng kanyang tropa sa media.

nag-promise naman siya na magkakaroon kami ng jamming pag free na siya sa ilang commitment na natanguan, kaya welcome back, Sir Guru Kuya Eli and we pray, todo na ang paggaling mo, kasi nangako ka na you will stay na sa Cavite kaya pala kahit pwede ka nang maging Canadian citizen, Pinoy ka pa rini.

@@@

Marami sa idineklarang To 10 performing municipal mayor ay di ko gaanong kilala at salamat sa mga kapatid sa media sa maraming information na ibinigay nila sa akin tungkol sa kanila.

Top one mayor ayon sa One Cavite survey sa ginawa nitong survey mula July 3 to July 31, 2023 na may 10,000 respondents mula sa mga rehistradong botance ng Cavite, nakakuha ng 95.3 % ang batambatang si Atty. Alston Kevin Anarna ng Silang.

Sabi ng isang media person, ang talunin ni Mayor Kevin ang malakas na Poblete political family sa Silang ay isa nang malaking acoomplishment, na kasama niya ang retiradong police general Sir Edward Carranza.

Isa raw sa magandang proyekto ng batambatang abogadong alkalde ay ayusin, kumpletuhin ang maraming naiwang proyekto sa infra ng pinalitang administrasyon at ang tulong sa mga maylupa sa Silang na maayos ang titulo ng kanilang lupa, at ang pagtulong sa small business owners, at ang reporma sa sistema ng pamamalakad sa munisipalidad.

Second placer ay si Alfonso Mayor Randy Salamat -- teka paborito siya na bigyang tulong na aming publisher Sir Ka Domz B. Caoile na sa maraming isyu ng BantayBalita naitabi ko ang maraming isyu ng magaganda niyang proyekto --tulad ng new hospital, new public market, bukod pa ang medical, educational services, trabaho at ang opagsisikap na maging isang tourist destination ang Alfonso.

Deserving talaga si Alfonso Mayor Randy Salamat ng Alfonso sa nakuhang 93.7% approval rating.

@@@

Nasa third place top performer ang apo-apo ng ating bayani, first president Gen. Emilio F. Aguinaldo -- ang masipag na si Kawit Mayor Angelo Aguinaldo na nakakuha ng 92%.

Isa rin si Mayor Angelo sa peyboret ng aming editor Kuya Eli at publisher Domz na bigyang tulong sa publisidad sa BantayBalita -- e kasi deserving naman na tulungan ang mabait, on-hand mayor Angelo na sa lahat ng panahon, laging alisto sa pagbibigay serbisyo sa Kawitenos.

Sayang at last term siya at sana, maging isang Aguinaldo rin ang susunod na mayor upang maipagpatuloy ang maraming serbisyong "Aguinaldo" sa mamamayan ng Kawit.

Teka, ayon sa Pulso ng Bayan ng One Cavite sa independent and non-commissioned survey nito, ang mga respondent ay nasa edad na 18 hanggang 70 at ito raw ay may samoling margin of error ay +1/-1 poryento na may antas na 95% na antas ng kumpiyansa.

Hindi pinili, sabi ay ramdom selection daw ang tinanong sa survey na ito na sa paniwala ko, maayos itong nagawa para makuha ang tunay na pulso ng tinanong na registered voter sa Cavite.,




@@@

Wow, ang ninong ng smalllest municipality ng Cavite -- ang Noveleta ay kumabig ng 90.6% sa ikaapat na puwesto dahil sa mahusay na governance ni Mayor Dino Reyes Chua, aba teka, yung younger brother niyang si Cavite City Mayor Denver Reyes Chua ay Top One City mayor performer sa survey rin ng One Cavite.

One thing na mapapansin, paborito ng BantayBalita ang mag-utol na Reyes Chua at pati ang baguhang alkalde ng Naic, si Mayor Raffy Dualan ay nakakubra ng 5th place na 90.1% percent.

Sabi ni Kuya Eli --ating editorial consultant-- nitong Thursday, August 3, pumasyal siya sa munisipyo ng Naic at nagulat daw siya kasi ang ganda ng munisipyo at mababait, maliksing kumilos ang mga opisyal at tauhan ng bayan.

Kuwento ni Sir Eli, kumuha siya ng kanyang birth certificate sa Civil Regustrar's Office at pronto, mabilis na nakuha niya ang rekord ng kanyang kapanganakan.

Salamat daw po, madam Acosta-Catibayan (nakalimutan niya ang first name ng CRO chief) na mabilis na tinulugan si Kuya Eli.

Nagkita raw sila at nagkumustahan nina Mayor Raffy at Vice Mayor Jun Dualan na matapos ang tsika, tinanong kung ano raw ba ang sadya ni Kuya Eli at kung ano ang maitutulong.

At paborito rin ng BantayBalita ang magkapatid na Dualan na sa aking file, madalas sila na i-publish dito sa ating pahayagan, aha -- ikaw kuya Eli, palibhasa pinsan mo ang mga Dualan, panay ang pagsusulat nyo sa kanila.

Baka naman, makabalato ako sa iyo, Kuya Eli, e kaiangan mo ng pambili ng gamot, hehehe, joke lang kung hindi makalulusot.

@@@

Ikapito sa top performer ay si General Mariano Alvarez (GMA) lady Mayor Maricel Echevarria Torres na anak ng kaibigan kong dating Mayor Walter E. na sabi niya noon, ang GMA raw ay ang "Kabute country" ng Cavite.

Mayora Maricel na sabi e BFF ni publisher Ka Domz ay kumuha ng 89.9% na sinundan ni Tanza Mayor Yuri Pacumo na ngayon ay nasa third and last term.

Balita ko ay malaki ang iniunlad ng Tanza, lalo na at may bagong SM mall duon at balita ko, isang Matro ang posibleng susunod na alkalde ng Tanza.

Magandang legacy ang iiwan 87.7% ni Mayor Pacumo.

Next sa ika-8 puwesto sa nakuhang 87.2 % si Amadeo Mayor Engr, Redel John Dionisio ng sikat na Coffee Capital of the Philippines

Madalas ako noon sa Amadeo sa panahon ni former Mayor Albert Tik Ambagan Sr. at anak niya, si Mayor Albert 'OJ' Ambagan Jr., then was the youngest mayor of Cavite and of the Philippines.

Isang agricultural town ang Amadeo at salamat po

*Sundan sa pahina 7*

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

**Founder:** HENRY E. CAOILE
**Publisher:** DOMZ B. CAOILE
**Editorial Consultant:** ELI TAPARAN II
**Special Projects Director:** ADELA R. ZAMORA
**Copy Editor:** LUKAS DA SILVA
**Chief of Reporters** GENE TAPARAN TAN
**Contributing Writers:** LOD BELTRAN
NOLI LIWANAG
ED 'MUTO' G. CUENCA
JOJO SICAT
**Contributing Editor:** RUEL FRANCISCO

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Palihan sa Ortograpiyang Bugkalot, isinagawa sa NVSU

ISINAGSWA oong 24–26 Hulyo 2023 sa Nueva Vizcaya State University (NVSU)-Bayombong Campus ang palihan sa pagbuo ng ortograpiya ng wikang Bugkalot.

inaluhan ito ng iba't ibang kinatawan mula sa komunidad ng Bugkalot sa Nueva Vizcaya, Quirino, at Aurora. Tinalakay nila ang baryasyon ng kanilang wika upang makabuo ng isang ortograpiya.

Ang Bugkalot na kinikilala ring Ilongot at Eǵongot ay katutubong pamayanang kultural na matatagpuan sa Nueva Vizcaya, Quirino, Aurora, at Nueva Ecija.

Dumalo rin sa nasabing palihan ang mga guro mula sa DepEd Nueva Vizcaya, DepEd Quirino, DepEd Aurora, Bugkalot/Ilongot Bible Translators, mga guro ng NVSU, at mga piling gradwadong mag-aaral ng Unibersidad ng Pilipinas-Departamento ng Linggwistiks (UP-Lingg).

Pinangunahan ang palihan n Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Translators Association of the Philippines (TAP), at UP-Lingg sa pakikipagtulungan sa NVSU.










# 56 YEARS OF ASEAN

The Association of Southeast Asian Nations, or ASEAN, was established on 8 August 1967 in Bangkok, Thailand, with the signing of the ASEAN Declaration (Bangkok Declaration) by the Founding Fathers of ASEAN: Indonesia, Malaysia, Philippines, Singapore and Thailand. Brunei Darussalam joined ASEAN on 7 January 1984, followed by Viet Nam on 28 July 1995, Lao PDR and Myanmar on 23 July 1997, and Cambodia on 30 April 1999, making up what is today the ten Member States of ASEAN./ **PIA Cavite**

# 'Mas nakaka-adik ang asukal, kape kaysa marijuana'

ALAM nyo na, ayon sa mga experto, mas nakaka-adik ang asukal, kape at iba pang produkto kaysa sa kontrobersiyal na medical cannabis o marijuana?

Sinabi ito ni Chuck Manansala, presidente ng Masikhay Research sa isang medical health forum ng Bauertek Corporation kamakailan, na dito, isiniwalat na nagiging sanhi ng sanhi ng sakid sa bato (kidney), sakit sa puso at iba pang karamdaman ang patuloy ang pagkunsumo ng kape at asukal.

Ang Bauertek ay isang research, development and manufacturing company sa Bulacan.

Binanggit ito ni Manansala, isang medical researcher patungkol sa matagal na aksyon ng Kongreso na aksyon ang panukalang gawing legal ang medical cannabis.

Sa forum, nagsalita rin ang mag-asawang Arthur at Maria Guadalyn Reyes ng Sensible Philippines at may-ari mg Mabuhigh Maharlika Corporation Company Limited (MMCCL) sa Thailand, isang cannabis dispensary shop.




**From left, Dr. Richard Nixon Gomez, Chuck Manandala, mag-asawang Maria at Arthur Guadalyn.**

Itong MMCCL ang kauna-unahang cannabis dispensary sa Thailand at sa buong mundo.

Nagtataka si Arthur kung bakit ayaw pumayag ang mga mambabatas ang paggawa ng gamot mula sa medical cannabis, gayong legal na ito sa maraming bansa, katulad ng Thailand.

Ayon kay Dr. Richard Nixon Gomez, presidente at general manager ng Bauertek Corporation, na malaking tulong sa ekonomya ng bansa kung gagawing legal ang paggamit ng marijuana bilang gamot.

Ani Dr. Gomez. may sapat nang kahandaan, laboratoryo, makina at mga pasilidad at mahuhusay na tauhan ang Bauertek Corporation upang makagawa ng gamot mula sa medical cannabis.

Maikukupara ang Bauertek sa ibang kompanya sa ibang bansa na pinapayagang gumawa ng mga gamot mula sa marijuan na napatunayan nakapagpapagaling sa iba-ibang karamdaman.

"Marami ang akikinabang kapag naaprubahan na ang may siyam na panukalang-batas na naglalayong payagang gumawa ng gamot mula sa medical cannabis," sabi ni Dr. Gomez na idinagdag na unang-unang makikinabang dito ay mga pasyente, pangalawa ay ang ating bansa.

"By 2030, global cannabis trade will go up, up to $180 billion. May kakayanan tayong humabol ng at least 2 percent ng global cannabis trade, that translates to $3.6 billion or P40-million in annual taxes," sabi pa ni Gomez.

Bukod ito, paliwanag ni Gomez, maraming proyekto ng gobyerno ang mapopondohan sa milyon-milyong piso na siguradong kikitain sa paggamit na gamot sa marijuana, at ito ay makapagbibigay ng maraming trabaho sa pamilyang Filipino.

# Serbisyong medikal ng Tagaytay LGU, La Prairie Host Lions Club, Cheongju Hanbeol MJF Lions Club

TAGAYTAY City --Iba't ibang serbisyong medikal ang ibinigay ng pamahalaang lungsod, kasama ang Tagaytay City La Prairie Host Lions Club MJF at Cheongju Hanbeol MJF Lions Club para sa mga residente sa siyudad na ito noong Martes, Agosto 1.

Sa aktibidad, namahagi ng 300 prescription at reading glasses ang Tagaytay City La Prairie Host Lions Club MJF at Cheongju Hanbeol MJF Lion Club.

Nagkaloob naman ang Ospital ng Tagaytay ng libreng gamot at vitamins at naglektur tungkol sa oral health, at mga oral health ang Tagaytay City Health Office (CHO) para sa mga bata.

Naghatid naman ng wheelchair ang City Social Welfare and Development Office (CSWDO) para sa mga taong may kapansanan sa lungsod.

Ayon sa Tagaytay City Health Office, ginawa ang aktibidad kaugnay ng Sight Saving Month at National Disability Prevention and Rehabilitation Week./DBC












# DOST, PEZA Sing joint Memo Circular to establish K.I.S.T Ecozones

THE Department of Science and Technology (DOST) and the Philippine Economic Zone Authority (PEZA) signed a joint Memorandum Circular on Thursday, Aug. 3, to forge a partnership for the establishment of Knowledge, Innovation and Science Technology (KIST) Parks or Ecozones.

The event took place at the OSEC Conference Room at the DOST main building with Engr. Sancho A. Mabborang, DOST undersecretary for regional operations, welcoming the guests.

The KIST Park is envisioned to be a center for technology transfer and commercialization and a platform to integrate various science, technology and innovation (STI) initiatives in the regions.

The establishment of KIST parks is integral to the creation of and growth of startups, spinoffs and science and technology-based firms.

On January 24 this year, a Memorandum of Understanding (MOU) was signed by the two agencies.

"The parties commit to have participatory, collaborative and inclusive planning and crafting of enabling mechanisms, strategies and policies to support the establishment of KIST Parks in the regions," is among its scopes of collaborations.

For this cooperation, other agencies, institutions, local government units (LGUs), private sector groups and organizations "may be invited to participate when deemed appropriate as mutually agreed upon by the parties."

The objectives of the parks are the following: transform idle lands owned by the Higher Education Institutions (HEIs) into more productive uses catering to STI purposes; serve as a center of excellence where optimal growth conditions for business and innovation, startups and spinoffs are created through the collaboration of the government, academe, business and community.

DOST Secretary Renato Solidum, in his message, said that KIST can generate more jobs and create technology-driven innovations. Further, it will encourage those who want to put up new business through the aid of DOST and PEZA.

Among KIST Park services are the following: startup incubation; technical support and product development; financial support from partner banks/ MSMEs/ Angel investors/Venture capitalists; patent services; market linkages, capacity building programs; in-house spaces for locators; enhanced ICT infrastructure; secure, safe and sustainable community.

PEZA director general, Tereso O. Panga, for his part said that "together with the DOST, we can do a lot to boost our knowledge, technology inputs and outputs towards enhancing our global innovation and economy."



# Kamay na Bakal laban sa mga tiwali

KORAPSYON. Katiwalian. Anomalya sa pamahalaang bayan.

Natawa nga ako sa isang video na tungkol sa politics.

Sabi ng vlogger ano raw ba ang kahulugan ng "Politics?"

Yun daw "Poli" ang kahulugan sa Filipino ay "Marami"

Yun daw "Tics" ay pabirong sinabi na katumbas daw ng "Ticks" na sa Filipino ay katumabas ng pesteng pulgas at kuto, garapata na sumisip sa dugo ng makakapitang hayop.

Nabubuhay sa dugo ang parasite na "Ticks."

Pabiro pero karaniwang paniniwala sa mga politiko na nasa puwesto ay hindi raw talagang serbisyo ang ibinibigay sa taong bayan.



**SA TOTOO LANG!**

**by GENE T. TAN**



**Mayor Raffy at Vice Mayor Junio Dualan**

May ilan tayong alam na nabalita sa media, kinasuhan at napatunayang korap nga, pero marami sa mga politiko -- sa pagkakilala ko sa kanila -- ay totoong naglilingkod sa bayan.

Ang totoo nga, marami sa kanila ay nahahadlangang magbigay ng totoong serbisyo dahil may mga batas na nalikha at naipatutupad na kontra sa interes ng taong dapat ay paglingkuran ng mga nasa puwesto ng kapangyarihan.

Nangyayari na ang mga batas na magbibigay ginhawa sa mahihirap at kapos sa buhay ay may loop holes o mga butas na nalulusutan ng mga korap sa gobyerno.

Nabanggit ito ito dahil sae latest Pulse Asia survey na sinasabi na 84 percent ng tinanong na 2000 tao ay nagsabing dapat pang pakasin ang kapangyarihan ng mga pambansang ahensiya, mga batas, tuntunin at mekanismo laban sa korapsiyon.

Napansin na marami sa sumagot na dapat kumilos ang gobyerno laban sa katiwalian ay mula sa Mindanao (92 percent), sa Visayas (89 percent) na marami ay mahihirap.

Sa NCR (82 percent) at sa Luzon (80 percent) ang nagsabing dapat palakasin ang gobyerno kontra sa mga tiwaling opisyal at tauhan ng nasyonal at lokal na pamahalaan.

Batay naman sa June 9 to 23 and commissioned by Stratbase ADR Institute, sinabi na lahat ng tinanong ay kailangang ang mabibigat na parusa laban sa mga tiwali at malaking hamon sa mga ahensiya ng gobyerno -- mga korte, Ombudsman, Sandiganbayan, Supreme Court -- at law enforcement agencies na ipakulong, parusahan ang mga korap.

Madalas na sinasabi ng nakakausap ko na dapat daw death penalty ang iparusa sa mga gulity sa kasong plunder at sa mga karumaldumal na krimeng tulad ng drug trafficking, rape, kidnapping, murder, terrorism at iba pa.

Gusto nila yung sistema ng pagpaparusa sa China, Japan, Korea na kahit presidente, mga heneral at kahit justices, pag nagkasala, pinapatawan ng parusang life imprisonment at death penalty.

Sa mga nakausap ko, dapat daw magkaroon tayo ng isang katarungang bayan o jury system na tulad sa USA, Canada at iba pang bansa na parliamentary o federal form of government.

Kasi raw sa ating sistema, pag makapangyairihan, maimpluwensiya, masalapi, madalas ay nakaliligtas ahit kitang-kita na sila nga ang gumawa ng krimen, kasi, pwedeng masuhulan ang hukom, prosecutor, law enforcers at iba pa.

Sa jury system, karaniwang tao ang bubuo sa lupon na hahatol at susuri sa ebidensiya, testimony, at iba pa sa kaso at sila ay "nakatago" sa publiko at hindi titigil hanggang 100 percent ang hatol na absuwelto at gulity verdict.

May nagsabi rin sa akin sa mga tinanong ko, yun daw PNP ay dapat nang buwagin at alisin at ibalik ang local police sa poder ng alkalde at ang hepe ay kailangang manalo sa eleksiyon, ibig sabihin ang iappoint ng akalde ay makakaupo lamang matapos ang isang plebesito ng taumbayan.

Sa gayon kung nanalo sa eleksiyon o plebesito ang isang hepe, may fixed term of office at hindi siya matatakot ng sinoman bna gumawa ng kalokohan at may jury system naman na mag-aalis kung aabuso ang isang police officer.

At ibalikaa daw, sabi ng mga nakakausap kong "tanders" ang Philippine Constabulary (PC) na tatayong national police at kokontrol sa pag^-abuso ng local police at ng tiwaling mayor, governor o ng sinomang taong gobyerno.

Nangyayari raw kasi sa PNP, kawawa ang isang patrolman na ang amo niya ay ilang daang heneral, ilang daang koronel at iba pang mas mataas na opisyal kaya takot na sumusunod sa tiwaling utos ng kanyang superior officers.

Yan lang po ang nasabi sa akin ng aking mga nakakausap, pero may isa na nagsabi sa akin, mahirap sa isang nakaupo sa gobyerno ang makaiwas sa tukso ng korapsiyon kahit gaano pa siya ka-honest at katapat sa tungkulin.

Pag mayor, lahat na lang siya ang hinihingian ng tulong: pângkain, pang-edukasyon at iba pa kasi, nasanay tayo sa politics of patronage.

Marami ay iniaasa lahat sa ayuda ng gobyerno na nagtuturo ng katamaran.

Uso sa atin ang padrino system na kailangang may "kilala" o kapit sa gobyerno upang makakuha ng pabor o ayuda -- na totoong nangyayari.

It is who you know and not what you know!

Sa kabuuan, nais ng taumbayan ay "Kamay na Bakal" sa mga tiwali at taksil sa pagtitiwala ng taumbayan.

@@@

Nga pala, nasaksihan ko ang magandang pagkikita ng aming uncle Eli Taparan kina Mayor Raffy Dualan at Vice Mayor Jun Dualan nang bumisita sa kanila noong Huwebes, Agosto 3.

Sayang at hindi ko nakuhanan ng video at photo sana ay maisasama ko sa kolum na ito.

Kasi po, magpipinsan sila at nakita ko, agad nilang inasikaso si Uncle Eli at tinanong kung ano ba ang sadya at maitutulong, na sinabi naman ni Uncle Eli na wala naman at humingi ng "Sorry" kasi nang yumao si Tatay Toyong Dualan, hindi nakapagpaabot ng pakikiramay dahil nasa Canada noon.

Bago bumalik sa Canada si Uncle Eli noong 2019, dinalaw pa niya si Tatay Toyong -- dating three term vice mayor ng Naic -- na may ibinilin sa kanya tungkol sa mga impormasyon tungkol sa mga pangyayari sa gerilya noong panahon ng Hapones.



**ELI TAPARAN II**

Totoo po ang kasabihan na ang isang namayapang may-edad na ay isang buhay na aklat ng kasaysayan na dapat ay naisusulat.

Natutuwa na sinabi ni Uncle Eli na napakaganda ngayon ng munisipyo at tama raw ang balita na mahusay ang pamamahala ng magkapatid na Dualan -- na ako naman po ay nakasasaksi sa magagandang proyekto nila sa mamamayan ng Naic.

Para sa inyong reaksiyon, magmensahe sa sarfia926@gmail.com

# Medical Mission at Bagong Pook, Cavite City

EMPOWERING the residents of Bagong Pook with better health and hope.

Thanks to the tireless dedication of Gov. Jonvic Remulla and the Cavite Provincial Government Medical Mission Team, residents of Bagong Pook, Cavite City composed of Brgys. 47 and 48 were given hope and better health during the conduct of the medical mission on July 26, 2023.

Along with the unwavering support of ABC President, Apple Paredes, and Vice Governor Athena Bryana Tolentino, the medical mission gathered the community together, and the impact was profound, providing essential care to those in need.

As a token of support, Vice Governor Tolentino sponsored a heartwarming treat, offering free lugaw to all the participants and volunteers who came despite the inclement weather proving that service continues no matter what.









# One Cavite's top city mayors...

*Mula sa pahina 8*

Madam Gemma Lubigan -- ang masipag na lady mayor ng Trece Martires City -- ay nasa 7th place na kumabig ng 88% at ito ay patunay na nagawa niya na ipakita na kaya niya na pamahalaan ang siyudad ng mga bayaning Cavitenyo.

Nasubaybayan natin ang maraming proyekto ni Mayor Gemma Lubigan na ating ipineresenta sa ilang pahayagan ng Cavite at sa pahayagang ito, ang BantayBalita, na sabi nga ay testamento na mali ang paniniwala ng iba na hindi magagampanan ang tungkulin sa siyudad.

Sigurado tayo na sa kanyang susunod na termino, ikatlo kung papalarin, lalong magiging tanyag ang TMC bilang isangf progresibong siyudad ng Cavite.

Mabuhay po kayo, Mayor Gemma!

@@@

What an accomplishment naman ang masasabi natin kay Mayor Dra Dahlia Loyola na brandnew city mayor ng Carmona na nito lang Hulyo ay ipinasiya ng mga residente na gawing ganap na component city.

Nagtamo ng 86.4% ang new Carmona City na sa magkatulong na pagsisikap nila ni Congressman Atty. Roy Loyola naipasa, naging batas at ganap na lungsod ang Carmona na kaylaki ng improvement at isang lokalidad na sa darating na taon, hahabol sa ibang siyudad sa pag-unlad.

Kumbaga ay bunsong lungsod ang Carmona at mataas ang rating na 86.4 % nito, sa totoo lang at "'wag magtaka, next One Cavite survey, umangat ang isa sa paborito kong munisipalidad na siyudad na ngayon.

Sa inyo po, Dra Mayor Dahlia at Sir Cong. Roy at sa lahat ng mamamayan ng Carmona City, mabuhay at wala nang makapipigil pa, aangat, tataas kayo.

Mula sa amin, BantayBalita congratulations po sa inyo!

Any messages, ipadala lang po sa domzcaoile@yahoo.com

# Mabuhay, Cavite's Top 10...

*Mula sa pahina 3*

at patuloy nyong napangangalagaan ang biyayang kalikasan ng inyong bayan.

Nasa 9th place si Rosario Mayor Voltaire Ricafrente na anak ng Cavite Darling of the Press, former Mayor Jose 'Nonong' Ricafrente Jr. na hanggang ngayon, sobrang miss namin sa maagang pagkawala niya.

Nakakuha ng 86% si Mayor Voltaire na balita ko, kasinghusay rin ng kanyang ama at maganda ang proyekto nila ni 1st District Jolo Revilla na flood control project nang mabilis na mawala ang flashflood tuwing malakas ang ulan at bagyo.

Nasa 10th place si Mayor Perfecto Fidel na kumuha ng 85.5% sa husay ng pamamahala sa lokal na pamahalaan ng Indang.

sa tinagal kong pagiging media ng Cavite mula sa panahon ni Gov. Johnny Remulla na sinundan nina Epimaco Velasco, ngayon ay Sen. Bong Revilla at Gov. Ayong Maliksi, wala akong gaanong access sa bayang ito.

I hope this time, sa pagbabalik ko sa Cavite, madalaw ko ang bayan ni Mayor Fidel.

Sa inyong lahat, congratulations, top performing mayors of Cavite. (arzmedia777@yahoo.com)

### AFFIDAVIT OF A SELF ADJUDICATION BY A SOLE HEIR

noticed is hereby given that the estate of the late **RODOLFO ARCEGA and CARMELITA ARCEGA,** who died at brgy. Putatan, Muntinlupa City, Metro Manila left a Parcel of Land covered by TRANSFER CERTIFICATE TITLE NO. 174888, situated at Brgy. Putatan, Muntinlupa City, Metro Manila (120) SQM., Extra judicially settled among the legal heirs, executed before notary public Atty. Jasper C. Sales under Doc. No. 313 book no.297 page no. 1V series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 31, AUGUST 7 & 14, 2023**

### EXTRA JUDICIAL COURT SETTLEMENT OF ESTATE OF CONRADO URBI PUENTES and JAENE ARBOLEDA PUENTES

notice is hereby given that the estate of the late **CONRADO URBI PUENTES,** who died on November 21, 2005 at Las Piñas, Metro Manila and **JAENE ARBOLEDA PUENTES** who died on June 6, 2021 at Las Piñas City, Metro Manila left a parcel of land covered by TRANSFER CERTIFICATE TITLE NO. T-32713-A situated at Las Piñas City Metro Manila, TRANSFER CERTIFICATE NO. 24772 situated at Las Piñas City Metro Manila, extra judicially settled among the legal heirs, executed before notary public Atty. Fe B. Añonuevo undér doc. No.32 page no. 7 book no. 154 series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 17, 24 & 31, 2023**

### EXTRA JUDICIALLY SETTLEMENT OF ESTATE

notice is hereby given that the estate of **LILIA TOPACIO CENERA AND BENJAMIN CENERA** who died on August 16,2016 and September 16,2021 at Imus City, Cavite left a parcel of land covered by TRANSFER CERTIFICATE TITLE no. T-168215, situated in Imus City, Cavite (336) SQM, extra judicially settled among the legal heirs, executed before notary public Atty. Gabriel B. Octavia, under Doc.no. 310 page no.62 book no X series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 24, 31 & AUGUST 7, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE PERFECTO IYAYA

Notice is hereby given that the estate of the late **Perfecto Iyaya,** who died on October 19, 1992 in Estrella Hospital, Silang, Cavite left a parcel of land situated in Brgy. Balubad, Silang, Cavite as follows;1. Tax Declaration No. 18-0012-00066 located atBrgyBalubad, Silang, Cavite (3,333) sqm. 2. Tax Declaration No. 10793 Series 1984 located atBrgyMaymangga, Amadeo, Cavite (870) sqm. 3. Tax Declaration No. 10334 series 1985 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (2,866) sqm. 4. Tax Declaration No. 6423 series 1985 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (1,156) sqm.5. Tax Declaration No. 11136 series 1985 located at Brgy. Minantok, Amadeo, Cavite (8,876.5) sqm. 6. Tax Declaration No. 3486 Series 1985 located at Brgy. Bucal, Amadeo, Cavite (4,300) sqm. 7. Tax Declaration No. 6424 Series 1985 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (5170) sqm. 8. Tax Declaration No. 6425 Series 1985 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (5,660) 9. Tax Declaration No. 8731 series 1994 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (6579) sqm. 10. Tax Declaration No. 8733 series 1994 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (719) sqm. 11. Tax Declaration No. 6422 series 1985 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (3,743) sqm. 12. Tax Declaration No. 12064 series 1985 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (1,679) sqm. Extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Annalyn S. Dolor-Jubillo under Doc. No. 148 Page No. 30 Book No. 126 Series of 2018.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 17, 24 & 31, 2023**

### DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT

notice is hereby given that the estate of the late **NARCISO OBRADOR,** who died many years ago left a parcel of land covered by TAX DECLARATION NO.18-025-01162/18-0030-00852 Lot no. 10258- lot 5 situated at Brgy. Kaong, Silang, Cavite ( 2,791 ) SQM.extra judicially settled among the legal heirs, executed before notary public Atty. Jasper c. Sales under doc. No 319 book no. 29 page no. 276 series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 31, AUGUST 7 & 14, 2023**

### DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT

notice is hereby given that the estate of the late **LORETA SUMADSAD-OBRADOR and CRESENCIANO OBRADOR,** left a parcel of land covered by TAX DECLARATION NO.18-0030-00840 Lot no..3 & 4 situated in Brgy. Kaong, Silang, Cavite ( 2,704) SQM. Extra judicially settled among the legal heirs, executed before notary public Atty. Jasper c. Sales under doc. No. 429 book no. 29 page no. 317 series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 31, AUGUST 7 & 14, 2023**

### ADDENDUM TO EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF DECEASED SPOUSES BONIFACIO M. REYES and VICENTA B. REYES

Noticed is hereby given that the names listed below, all residents of Brgy. Luksuhin, Alfonso, Cavite, under Extra Judicial Settlement of the estate of deceased spouse **Bonifacio M. Reyes and VICENTA B. Reyes,** notarized by notary public Atty. Gabriel B. Octavia, under doc. No.349 page no. 70 book no. 1X series of 2021 addition with the following property covered by TAX DECLARATION no. AA-01-0015-00179 and TAX DECLARATION no. AA-01-0015-00180. NAMES OF HEIRS.1. Mary mae R. Reyes, single 2. Celedonia R. Dinglasan widow 3. Angelita R. Costa married 4. Simeona R. Mangubat widow 5.Florencio B. Reyes married, executed before notary public Atty.Gabriel B. Octavia under doc. No. 343 page. No. 69 book no. V series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 31, AUGUST 7 & 14, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON CAROLINA IGNACIO TOLENTINO WITH RENUNCIATION OF RIGHT

Notice is hereby given that the estate of the late **Carolina Ignacio Tolentino** who died on October 20, 2021 at General Trias City, Cavite left and holder of active account at (BPI) Bank of Philippine Island described as below;

1. Cavite City Branch Peso Savings Account (joint account with one-co-depositor) S/A No. 8713092984 amounting to ₱ 21,836.50 Philippine Peso Currency.
2. Cavite City Branch Peso Savings Account (joint account with one-co-depositor) S/A No. 8719138374 amounting to ₱ 50, 248.68 Philippine Peso Currency.

Extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan under Doc. No. 232 Page No. 48 Book No. III Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 17, 24 & 31, 2023**

# One Cavite's top city mayors...

*Mula sa pahina 1*

historical sites sa siyudad.

Congratulations, Mayor Denver, mabuhay po kayo.

Siyempre, ang ating mainit na pagbati kay Dasmarinas City Mayor Jenny Austria-Barzaga na hindi na kailangang isa-isahing ang malaking progreso ng siyudad -- mula sa taunang income kungdi kitang-kita sa maraming proyekto na pinakikinabangan ng Dasmarinenos at alam nyo ba na maraming barangay rito ay naideklarang 'drug free" na!

Ito ay dahil sa maayos na kapartner ng PNP, PDEA at iba pang law enforcement agency ang city government, kaya deserving angng Dasmariñas City sa nakuhang 93.4% approval rating.

Nasa ikatlong puwesto si Tagaytay City Mayor Abraham Tolentino na sumungkit ng 92.8% na magaling naman, kasi bukod sa pagiging top executive ng pamahalaang lokal, siya ay nagpakita rin ng magagandang trabaho noong siya ay kongresista ng 8th Cavite district.

Mabuhay po kayo, Mayor Bambol, Sir.

@@@

Ayon sa survey na ito ng One Cavite sa tinawag nitong "Pulso ng Bayan, nalaman natin na ang respondent ay pawang rehistradong botante at residente ng Cavite --mula sa edad na 18 hanggang 70.

May margin of error ito na +1/-1 poryento na may antas na 95% na antas ng kumpiyansa -- na sa mga tulad ko ay hidi ko gaanong maintindihan pero tiyak ko, maayos ang sampling na ito.

Hindi pinili ang mga tinanong at sumagot sa survey na ginawa sa bawat lokalidad, sabi ng One Cavite.

@@@

Ang aming peyboret na nagbabalik alkalde ng General Trias City Mayor Jon-Jon Ferrer IV ay nagtamo ng 91% sa puwestong ikaapat -- na personally, sa akin lamang, magandang paniwala ito sa pagbabalik niya sa city hall at next survey, pakiramdam ko, tataas pa itong approval niya.

Mayor Jonjon, Vice Mayor Jonas Labuguen at Congressman Ony Ferrer, taas-noong saludo po sa inyo.

Wow, 90.3% naman ang nakuha ng bagong alkalde ng Imus, si Sir Alex 'AA' Advincula na sa sipag, dedikasyon para mapabuti pa ang siyudad ay totoong kahanga-hanga.

Unang taon pa lang ng Aksiyon AA sa city goverment at alam natin, lalo pang magiging progresibo ang Imus na siyudad namin, kaya, mga bossing, congratulations po, Mayor Aa, Congressman AJ Advincula, Vice Mayor Saki Saquilayan at buong Sanggunian.

@@@

Likewise, balik city hall uli ang ating kapoging Mayor Strike Revilla na di-matatawaran ang performance sa Congress at eto, ang dami nang ginawa sa unang taon niya -- ito ay ang pagpapaganda ng regional hospital sa Bacoor na dati ay city district hospital na itinayo sa donasyong lupa ng ating idolong aktor-senador, ang yumaong si Don Ramon Revilla Sr.

Katatapos lang ang matagumpay na plebesito na naging isang barangay ang Kaignen atg Digman na inaasahang magbibigay ng progreso roon.

'Yung housing project, serbisyong medikal sa lahat ng sektor ng residente ng Bacoor, at ang mga planong reclamation sa Manila Bay, sana matuloy na para magkaroon ng lupa mapagtatayuan pa ng maraming residential, commercial at business spaces sa siyudad.

Opo, congratulations, Mayor Strike sa nakuhang 89.7% para sa ika-anim na puwesto.

@@@

*Sundan sa pahina 7*



**REVANZE**

by Domz B. CAOILE


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 44 10.00 JULY 31 - AUGUST 6, 2023





# Let's cozy up at Kubo Amadeo




SAAN itong Kubo Amadeo na balitang masarap mag-relax kasama ang pamilya at mga kaibigan?

Kid-friendly ang bakasyunang ito, with warm pool, mabango at preskong guest rooms at may mga pagkain at inuming lapat na lapat sa inyong pihikang panlasa.

The place is new but Kubo Amadeo is one of the most talked-about "home away from home" in Cavite and a top choice for families of all ages looking for a mix of relaxation: it is a place where parents and kids can spend the day relaxing in pool and enjoy the fresh cool breeze any time of the day.

The rooms in Kubo Amadeo are thoughtfully designed for families; any time of the day and night, the cool fresh air and a choice of relaxing food and drinks will make your tummy happy.

Yes, Kubo Amadeo is a perfect getaway these summer months: Explore and cozy up with nature in a 2,300 sqm property with pool-villas for rent at 048 Crisanto delos Reyes Avenue, Amadeo, Cavite.

It has a free parking space and only 5 to 10 minutes away from Tagaytay City.

Sa Kubo Amadeo, makapagre-relax nang todo-todo!

Explore, mag-book na, at i-dial contact number: +63 917 501 7575./DBCaoile